

Tomo XXX Bilang 8 Disyembre 2000

Editoryal

Iluwal sa pagpasok ng 2001 ang makapangyarihang unos na magwawakas sa rehimeng US-Estrada

ng sitwasyon sa unang kwarto ng taong 2001, laluna sa maagang bahagi nito, ay paborable upang kumilos para sa kagyat na pagpapatalsik kay Estrada mula sa poder. Upang tiyakin ito, kinakailangang tuluytuloy na isulong, palawakin at paigtingin ang kilusang masang anti-Estrada at ilunsad ang mga dambuhalang demonstrasyon sa lansangan.



NILALAMAN

- Editoryal: Iluwal sa pagpasok ng 2001 ang makapangyarihang unos na magwawakas sa rehimeng Estrada
- 4 Mga piling sipi: Pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan upang igawad ang pamatay na dagok sa rehimeng Estrada
- 6 Rehimeng US-Estrada:Nasa bingit ng kamatayan: (6) Mabilis na pagsadsad ng krisis sa ekonomya (9) Papet, bulok, pasista
- 13 Pananalanta ng pasistang estado
- 15 Kaguluhan sa mga malakolonya
- 16 Liga ng pakikibaka ng mamamayan sa daigdig, pinaghahandaan
- 18 Balita

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nagaanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

http://angbayan.cjb.net o http://redrival.com/ang_bayan/index.htm

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.cjb.net.

Hanggang sa kasalukuyan, sa kabila ng mga ligal na maniobra ng mga abugado ni Estrada, ang paglilitis sa Senado laban kay Estrada ay nakapagsisilbing mahusay na porum para sa paglalantad ng kabulukan, katiwalian at kriminal na operasyon ni Estrada. Ipinakikita ng mga testimonya at ebidensya na inihapag ng mga saksi, laluna nina Gob. Luis "Chavit" Singson at Clarissa Ocampo, bise presidente ng bangkong Equitable-PCI, ang walang-prenong paggamit ni Estrada sa kanyang poder upang iligal na magkamal ng yaman at gamitin ito upang busugin ang sarili sa karangyaan.

Gayunpaman, nananatiling ibang usapin pa kung aktwal ngang hahatulang may sala si Estrada. Nakasalalay ito, higit sa lahat, sa patuloy na paglawak ng mga aksyong masa na nananawagan ng pagpapatalsik kay Estrada. Nakasalalay din ito sa lakas ng di mapasusubaliang mga ebidensya o sa direktang utos sa mga senador ng mga tauhan ng US na bitawan na si Estrada.

Kung wala ang malalawak na pagkilos ng masa, ang pangunahing salik para sa paghatol na may sala si Estrada, magkakaroon ng bigat ang mga salik para sa pagpapaliban ng hatol o pagpapawalang-sala kay Estrada. Kinabibilangan ito ng suhol mula kay Estrada at Danding Cojuangco, pagpapatagal ng paglilitis hanggang maunahan ito ng eleksyon at ang posibilidad na maipwesto ang bagong mga senador na maka-Estrada o ang pagbabago sa pusisyon ng US.

UPANG TIYAKING MAPATATALSIK SI ESTRADA SA UNANG BAHAGI ng 2001, kinakailangang mahigpit na panghawakan ang pangunahing tungkuling pukawin, organisahin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan upang magdulot ng mga hambalos na magwawakas sa rehimeng US-Estrada, alinsunod sa pahayag ni Kasamang Armando Liwanag, Tagapangulo ng Komite Sentral ng Partido nitong Disyembre 26. Naipatutupad ito sa pamamagitan ng pagkukumbina ng kakayahan ng malapad na nagkakaisang prente na pukawin at pakilusin ang milyong mamamayan at ng solidong gawaing masang isinasakatuparan ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Kaugnay nito, kailangang ibayong palawakin at patatagin ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada. Sa partikular, kinakailangang pagtuunan ng pansin ang pagpapatibay ng konsensus ng iba't ibang mga pwersang bumubuo nito na mapatatalsik lamang si Estrada pangunahin sa pamamagitan ng pagkilos ng milyong mamamayan at pagkubkob sa palasyo ng Malakanyang.

Importanteng pawiin ang ilusyon ng ilang grupo, laluna sa hanay ng mga reaksyunaryong anti-Estrada, na mapatatalsik si Estrada sa pamamagitan ng paghatol ng Senado kahit walang pagkubkob sa Malakanyang upang pwersahin siyang magbitiw. Ang ganitong ilusyon ay madaling mahulog sa iskema ni Estrada na patagalin ang

Kinakailangang

pagpapatibay ng

konsensus ng

bumubuo nito

na mapatatalsik

pangunahin sa

pagkilos ng

pamamagitan ng

mamamayan at

pagkubkob sa

Malakanyang.

palasyo ng

iba't ibang mga

pagtuunan ng

pansin ang

pwersang

lamang si

Estrada

milyong

paglilitis sa Senado at gamitin itong tuntungan upang magbigay ng mga huwad na pangakong rerespetuhin anuman ang maging hatol sa hangaring humupa ang mga protesta at sa gayon ay mapatagal pa ang kanyang rehimen.

Kailangang igiit na tapusin ang paglilitis bago magsimula ang kampanyang eleksyon sa Pebrero. Kinakailangang maglunsad ng mga gahiganteng demonstrasyon upang igiit ang kagyat na paghatol kay batay Estrada mapasusubaliang testimonya at dokumento at upang tuligsain ang anumang pagtatangka ng mga abugado ni Estrada at ng mga maka-Estradang senador patagalin ang paglilitis.

Kung sakali mang ipawalang-sala ng Senado si Estrada, kinakailangang maglunsad ng mga aksyong masa na kahalintulad o higit pa sa mga demonstrasyong nagpabagsak kay Marcos noong 1986. Lalong higit na kinakailangang kubkubin ang palasyo ng Malakanyang kung tumangging bumaba sa poder si Estrada anuman ang maging desisyon ng Senado.

Wasto lamang na tiyaking ang mga demonstrasyong ito'y maging mapayapa at militante. Gayunpaman, hindi napapawi ang posibilidad na gumamit ng dahas ang manipis na hanay ng mga loyalistang maka-Estrada, laluna ang ilang pinuno ng militar at pulisya sa pamumuno ni Gen. Panfilo Lacson at mga bayarang grupong lumpen, laban sa mga susing pwersa sa nagkakaisang prenteng anti-Estrada o upang salakayin ang mga aksyong masa. Kung gayon, makatwiran na ang mga pwersang anti-Estrada sa hanay ng militar ay maglunsad ng mga hakbanging pangkontra (tulad ng kontra-paniniktik o

pag-aresto sa mga loyalista ni Estrada) hindi upang iupo ang isang *military junta* kundi upang sumuporta sa pagkilos ng mamamayan para patalsikin si Estrada.

Sakaling gumamit ng dahas ang pangkating Estrada laban sa di armadong mamamayan, nakahanda ang Partido, ang BHB at ang NDFP na kupkupin yaong mga pwersang tinutugis ng militar at pulisya; at ilunsad ang ilang mga espesyal na taktikal na opensiba. Anu't anupaman, ang desperadong paggamit ng panunupil ay mag-uudyok lamang ng higit na malalaking demonstrasyon at magbibigay-katwiran

RESIGN

sa paglulunsad ng hukbong bayan ng mga aksyong pagparusa sa pinakamasasamang elemento ng naghaharing pangkating Estrada.


Isinusulong ng Partido ang mga tungkulin upang wakasan ang rehimeng US-Estrada kaalinsabay

ng lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyonaryong layunin. Malinaw sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa na ang pagpapabagsak kay Estrada ay hindi katumbas, ngunit naglilingkod sa pangkalahatang layunin ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Upang lumikha ng larawan ng popular na suporta at ikonsolida ang kanyang magiging bagong gubyerno, maaaring magpahayag si Gloria Macapagal-Arroyo ng pagtataguyod sa reporma sa lupa at ilang mga patakarang nagtatanggol sa kapakanan ng mamamayan. Subalit bilang bagong hepe ng reaksyunaryong estado at prinsipal na papet ng imperyalismong US, ang lahat ng mga pangakong ito'y maglalaho sa kanyang pagsasakatuparan ng mga neokolonyal at "neoliberal" na patakarang dikta ng IMF-WB at WTO.

Habang lumalalim ang krisis ng naghaharing sistema, lalong napupwersang magmanikluhod ang reaksyunaryong rehimen sa mga idinidikta ng imperyalismo na lalo namang nagpapalalim sa krisis sa ekonomya at pulitika. Bunga nito'y lalong lalala ang mga saligang suliranin ng mamamayan at iigting ang mga paglaban sa hinaharap.

Kung gaano kabilis ilantad ng bagong rehimen ang tunay nitong antinasyunal at anti-demokratikong kulay, gayon din kabilis na mabubuo ang nagkakaisang prente ng mamamayang lalaban dito. Ang organisado at armadong lakas, kakayahan at militansya sa paglaban



Ang pahayag na ito ni Armando Liwanag, Tagapangulo ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, para sa ika-32 na anibersaryo ng Partido ay inilabas ng **Ang Bayan** sa espesyal na isyung may petsang Disyembre 26, 2000. Maaaring i-download ang bersyong Pilipino, Bisaya, Hiligaynon at Ingles sa http://angbayan.cjb.net.

"Sa pagdiriwang ng ika-32 anibersaryo ng muling-tatag na Partido Komunista ng Pilipinas sa ilalim ng teoretikal na gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, buong tatag nating pakilusin ang malawak na masa ng mamamayan upang igawad ang pamatay na dagok sa rehimeng US-Estrada, palakasin ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa at paigtingin ang lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka."

"Ang rehimeng Estrada ay kapwa produkto at paglala ng nagpapatuloy na krisis ng bulok na naghaharing sistema. Isang nagdudumilat na katibayan ng bulok at naaagnas na katangian ng sistema na ang isang katulad ni Estrada ay naging pangulo ng neokolonyal na republika. Pinagsasanib niya ang kasakiman ng mga imperyalista, ang pinakamasahol sa mga lokal na reaksyunaryo at mga sindikatong kriminal."

"Tama lamang na magpokus sa pananagutan ni Estrada at ng kanyang naghaharing pangkatin at sa pangangailangang ibagsak sila. Pero hindi natin kinakaligtaan na ang buong naghaharing sistema ay lalupang naging mapagsamantala at mapang-api dahil sa patakaran sa "malayang pamilihan" na idinidikta ng mga imperyalistang kumpanya, bangko at multilateral na ahensyang tulad ng IMF, World Bank at WTO. Pinabilis at pinalala ng mga ito ang pagpiga

■ na naipon ng mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa sa paglaban sa rehimeng Estrada ay gagamitin sa paglaban sa bagong rehimen.

Hindi malulutas, bagkus ay lalo pang lalala ang krisis ng bulok-sa-kaibuturang naghaharing sistema.

Nakahanda ang Partido at ang buong rebolusyonaryong kilusan na samantalahin ang higit na paborableng sitwasyon upang tuluy-tuloy at hakbanghakbang na isulong ang bagong-demokratikong rebolusyon.

ng tubo ng mga imperyalista, ang pyudal at malapyudal na akumulasyon ng lupa at burukratikong katiwalian. Ito ay mabilis na nagresulta sa matinding paglaban ng taumbayan at sa pagkakahiwalay ng rehimeng Estrada."

"Ang krisis sa ekonomya ang pinagmumulan ng kasalukuyang krisis sa pulitika. Lalung tumindi ang alitan sa pagitan ng mga reaksyunaryo dahil ang kaban ng yaman na mapaghahatian ay labis na lumiit

at sinosolo pa ng naghaharing pangkating Estrada. Ang pangunahing nabibiyayaan ng burukratang kapitalismo ay si Estrada mismo, si Eduardo Cojuangco, ilang negosyanteng Pilipino-Tsino at ang sarisaring pamilya ni Estrada."

"Ang malawak na nagkakaisang prente ay binubuo ng Kaliwa, Gitna at Kanan na anti-Estrada. Ito ay isang buhaghag na alyansang binibigkis ng iisang layunin na patalsikin si Estrada. Naging mas madali para sa Kaliwa at Gitna na makipagkaisa sa mga pwersa ng Kanan, na malinaw na reaksyunaryo pero anti-Estrada, kaysa sa ilang maliliit na grupong umaastang Kaliwa pero nagtatangkang ilihis ang konsentradong bira kay Estrada at sabotahiin ang malawak na nagkakaisang prente."

"Ang rehimeng US-Estrada ay kapwa tiwali at mapanupil. Ginagamit nito ang militar, pulisya, mga pwersang paramilitar at pribadong armadong pangkat para ipatupad ang anti-manggagawang patakaran, pagkaitan ang masang magsasaka at pambansang minorya ng kanilang lupa at dahasin ang mga aksyong protesta ng masa. Pinatitindi nito ang mga kampanyang militar ng pagsupil laban sa rebolusyonaryong baseng masa at pwersa ng Partido Komunista ng Pilipinas at Moro Islamic Liberation Front (MILF)."

"Ang pagtitipon ng malawak na nagkakaisang prente ng mga pwersa laban sa pinakamakitid na target ang kasalukuyang naghaharing pangkatin—ay hindi nangangahulugan ng pagbabago ng programa ng bagong demokratikong rebolusyon at ng estratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Ito'y nangangahulugan lamang ng pagpapabilis ng kumpas ng mga protestang masa at rebolusyonaryong paglaban na magagamit ng mga rebolusyonaryong pwersa para lalo itong lumakas at umabante."

"Ang rebolusyonaryong pwersa ay may malinaw na pag-unawa sa kagyat at pangmatagalang layunin ng kilusang masa. Walang kalituhan sa kanilang hanay kung anong moda ng pagkilos


ang nararapat sa kalunsuran at sa kanayunan. Ang mga "Kaliwa" at ang Kanang oportunistang nasa mataas na pusisyon at naghasik ng kaguluhan sa loob ng Partido noong mga taong 1980 ay matagal nang lumayas at pumanig sa kaaway."

"Mula ngayon hanggang sa pagbagsak ni Estrada, kung siya nga ay kagyat na babagsak, ay walang sapat na panahon para radikal na mabago ang timbangan ng lakas sa pagitan ng armadong kontra-rebolusyon at armadong rebolusyon o magbuo at magpalakas ng isang konsehong tagapamahala na tunay na maglilingkod sa pambansa at demokratikong interes ng mamamayan."

"Dahil sa lubha ng krisis ng naghaharing sistema, ang bagong rehimen ay mapipilitang sumunod pang lalo sa mga dikta ng mga imperyalista at kasabay nito ay sikaping iwasan ang galit ng mamamayan sa pamamagitan ng ilang pabalat-bungang hakbang at mapanlinlang na taktika, na kung hindi niya gagawin ay magpapabilis sa kanyang pagkakahiwalay.."

"Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nakahanda sa ideolohiya, pulitika at organisasyon na harapin ang bagong naghaharing pangkatin sa pagtangan nito ng papel bilang kaaway ng mamamayan. Ang lakas na naipon ng mga rebolusyonaryong pwersa sa proseso ng paglaban sa buong naghaharing sistema at pagpapabagsak sa rehimeng US-Estrada ay magagamit laban sa bagong naghaharing rehimen. Ang krisis ng naglalahong naghaharing sistema ay hindi malulutas kundi lalo pang lalala. Patuloy nitong papaburan ang pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon."

Mabilis na pagsadsad ng krisis ng ekonomya



May direktang responsibilidad si Estrada sa pagsasakatuparan ng mga patakarang naglublob ng ekonomya sa kumunoy. Kailangan niyang pagbayaran ang kanyang sukdulang pagkapapet na nagdulot ng masidhing krisis sa ekonomya at kahirapan sa mamamayan. Gayunpaman, maling umasa na malulutas ang krisis sa ekonomya sa pagpapatalsik kay Estrada. Katunayan, daranas ito ng lalong paglala sa darating na panahon kaakibat ng lalong pagkabulok ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan.

ANG HUWAD NA LARAWAN NG PAG-UNLAD NG EKONOMYA. Hindi mapasusubalian kahit ng mga estadistika ng gubyerno ang katotohanang dumaranas ang Pilipinas ng malubhang krisis sa ekonomya. Laluna itong taon, naging matarik

ang pagbulusok ng pamumuhunan at produksyon na nagbunga ng paglaki ng tantos ng disempleyo. Kahit ang malalaking negosyante ay nagdududa sa itinatambol ni Estrada na $4.5\,\%$ paglago ng ekonomya.

Ipinagmamalaki ng gubyernong Estrada na sa kaunaunahang pagkakataon mula 1973, nagtala ng sarplas sa kalakalang panlabas noong 1999 (\$4.294 bilyon). Hanggang noong Setyembre, naitala ang \$4.24 bilyong sarplas.

Sadyang nakapanlilinlang itong sarplas sa kalakalang panlabas ng Pilipinas. Sapagkat ang katunaya'y walang anumang isinagawang hakbang ang gubyerno upang lutasin ang ugat ng istorikong suliranin ng di pantay na kalakalan ng Pilipinas. Ang sarplas na ito ay hindi ibinunga ng mayor na pagsulong sa industriya, lokal na produksyon at bolyum at halaga ng eksport. Katunayan, pagsapit ng Setyembre, bumaba sa 9% (mula 17% noong Setyembre 1999) ang paglago ng eksport.

Isang kabalintunaan ang sarplas na ito dahil indikasyon ito, higit sa anupaman, ng lalong pagbagsak ng lokal na produksyong nakasalalay sa importasyon ng mga sangkap at makinaryang pamproduksyon. Katunayan, walang nagbago sa tipo ng mga produktong ineeksport at iniimport at sa relasyon ng mga ito. Ang pangunahing mga produktong pangeksport ng Pilipinas—electronics and electronic components, damit at garment accessories at mga ignition wiring set—ay pawang nakasalalay sa mga imported na sangkap at makinarya. Ang mga pangunahing produktong iniimport ng Pilipinas ay kinabibilangan ng electronics and electronic components, mineral fuels, lubricants and

related materials at telecommunication equipment and electrical machinery—na pawang mga saligang sangkap sa produksyong nakatuon sa eksport.

Patuloy ang pagtumal ng pamumuhunan at pagbagsak ng produksyon. Noong unang bahagi ng 1999, naitala ang 71% pagbagsak ng bagong pamumuhunan. Bumagsak nang 54% ang nakarehistrong pamumuhunan noong 1999 (P116.74 milyon, na siyang pinakamababa mula 1994). Tuluy-tuloy pa itong bumulusok nang 97% sa unang hati ng taong 2000, (kumpara sa P71.5 bilyon sa unang hati ng 1999). Sa buong taon, inaasahan na babagsak ito nang mahigit 90% (P10.6 bilyon), ang pinakamababang antas sa nakaraang 15 taon.

Nitong Hulyo, umabot nang 56% ang pagbagsak ng kabuuang halaga ng direktang dayuhang pamumuhunan. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit tumumal ang kalakalang panlabas.

Ang lokal na pamumuhunan ay bumagsak nang mahigit 90% mula 1998. Ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng langis at pagbagsak ng halaga ng piso kontra sa dolyar ay nagpasirit ng gastos sa produksyon. Nagreresulta ito sa pagbagsak o pagtumal ng negosyo laluna ng mga lokal na empresa, kabilang na ang maliliit na negosyante na nasa larangan ng pag-eeksport. Hanggang noong Agosto, 951 empresa sa Metro Manila ang itinalang nagsara, samantalang 166 ang nagpatupad ng sistema ng "panandaliang" tanggalan, *job rotation* at pagbawas ng oras ng paggawa.

Patuloy na lumalaki ang tantos ng disempleyo. Hindi ito lubusang mapagtakpan kahit ng mga salamangka sa estadistika ng gubyemo. Noong Oktubre, itinalang umaabot na sa 11.1% ang tantos ng disempleyo—

pinakamataas mula noong 1986. Bagamat mataas na ito kung ibabatay sa mga pamantayan ng mga teknokrata, ang katunayan, higit na mas mataas pa rito ang tunay na bilang ng kasalukuyang walang hanapbuhay. Kung tutuusin, aabot sa 45% ng kabuuang pwersa sa paggawa ang walang hanapbuhay.¹

Patuloy na lumalaki ang bilang ng mga walang trabaho dahil hindi nakasasabay sa paglaki ng bilang ng pwersa sa paggawa ang paglawak ng produksyon, laluna ng produksyong industriyal.


Umiiral at nagbabantang muling sumabog ang isang krisis sa pinansya. Noong 1999, artipisyal na napalaki ang reserbang dolyar ng Bangko Sentral, dahil pangunahin, sa muling pagpasok ng mga dayuhang ispekulador. Subalit dahan-dahang bumibilis ang muling pagtalilis ng kapital lalo't pumutok ang bagong pampulitikang krisis simula noong Oktubre. Kaugnay nito, hanggang noong Nobyembre ay bumagsak nang 53% ang halaga ng *stock market* sa Pilipinas.

Sa pagtatapos ng 2000, aabot ang dayuhang pautang sa \$55.5 bilyon, 14% mas mataas kumpara noong 1998. Tinatayang \$11.11 bilyon ang ipambabayad sa dayuhang pautang at interes nito sa taong 2000, 33% higit sa ipinambayad noong 1998.

Mula sa P45-bilyong depisito sa badyet noong 1998, lumobo ito sa P111 bilyon noong 1999.

Pagsapit ng Nobyembre 2000, umabot na ng P114.44 bilyon ang depisito sa badyet at tinatayang aabot pa sa P120 bilyon sa pagtatapos ng taon. Inaasahan ng ilang upisyal ng gubyerno na sa kabila ng target na P85-bilyong depisito sa susunod na taon, maaaring sa aktwal ay higitan pa ang itatalang depisito ngayong taon. Ang depisito sa badyet ay bunga ng malaking pagkukulang sa koleksyon sa buwis dulot pangunahin ng pagliit ng koleksyong buwis mula sa negosyo na ngayon ay matumal, bukod sa korupsyon

¹ Sa pamamagitan ng pagpapaliit ng kabuuang bilang ng pwersa ng paggawa at pagturing na may trabaho ang kung tutuusi'y walang trabaho—tulad ng "walang bayad na manggagawa ng pamilya" (unpaid family worker) at "manggagawang may sariling pagkukwenta" (own account workers), bukod pa sa mga manggagawang "part-time"—naipalalabas na malaki ang bilang ng mga may trabaho at nagagawa ng gubyerno na paliitin sa 11.1% ang tantos ng disempleyo. Kung hihimayin ang datos ng gubyerno, matataya na ang kabuuang pwersa ng paggawa ay 34.159 milyon. Ang walang hanapbuhay ay aabot ng 15.514 milyon kabilang ang mga nagtatrabaho nang mas mababa sa 40 oras bawat linggo o 45% ng kabuuan.



PANANAGUTAN NI ESTRADA. Nakapwesto na ang mga pangunahing batas at patakarang nagtataguyod sa liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon sa ilalim ng gubyernong Ramos kabilang na ang pagpapatibay sa Foreign Investments Act (batas na nagbibigay ng mga insentibo sa mga dayuhang mamumuhunan), Bank Liberalization Law (batas na nagbibigay-karapatan sa mga dayuhan na magtayo at mag-opereyt ng mga lokal na bangko) at Mining Act of 1995 (liberalisasyon sa pagpasok ng mga dayuhan sa industriya ng pagmimina).

Gayunpaman, hindi nito binabawasan ang bigat ng responsibilidad ng gubyernong Estrada sa todolargang pagsasakatuparan ng mga ito. Hindi nagsagawa si Estrada ng anumang hakbang upang lumihis sa mga patakarang dikta ng IMF-WB-WTO, bagkus ay lalo pang pinag-ibayo ang mga ito. Upang kumpletuhin ang pagbubukas ng ekonomya, pinagtibay ni Estrada noong Marso ang Retail Trade Liberalization Act na nagbukas ng isa sa pinakahuling prontera ng pambansang ekonomya—ang larangan ng pagtitingi—sa kontrol ng mga dayuhan.

Sa panahon na nirerendahan ng iba't ibang gubyerno sa buong mundo ang walang-awat na liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon dahil sa naging negatibong epekto nito sa kani-kanilang ekonomya, bulag pa ring inilalarga ito ng gubyernong Estrada at binaklas ang lahat ng anumang patakaran o batas na nagtataguyod sa nagsasariling pambansang ekonomya.

MAGPAPATULOY ANG KRISIS. Ang pakikibaka upang alisin si Estrada sa poder ay kailangang gamiting pagkakataon para ihapag ng mamamayang Pilipino ang kanilang pambansa at demokratikong programa laluna sa ekonomya. Kailangang maging laman ng panawagan para sa pagpapatalsik kay Estrada ang panawagang papanagutin ito sa kasalanan ng pagtataksil sa pambansang kasarinlan.

Ang pagdadala ng mga usapin sa ekonomya, kabilang ang paghahapag ng mga pangunahing hinaing ng mga manggagawa, magsasaka, mamamalakaya, kawani at iba pang sektor ng masang anakpawis para sa karagdagang sahod, reporma sa lupa at iba pa, ay tumutulong sa paglalantad sa kahungkagan ng pagpapanggap ni Estrada na "makamasa" at nagbibigay-diin sa pangangailangang wakasan ang kanyang rehimen. Gayundin, ito ang isa sa pangunahing naglilinaw ng pagkakaiba ng masang anakpawis sa isang panig, at ng mga reaksyunaryong oposisyon sa kabilang panig—na ngayon ay nagkakaisa sa paglaban sa naghaharing rehimen.

Sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na paghahapag ng mga ito, agad na nailalatag ang gabay sa pagkilos at pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng rehimeng hahalili sa kasalukuyang gubyernong Estrada.

Ang krisis sa ekonomya ay magpapatuloy sa mga susunod na taon. Hangga't nananatili ang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan, tiyak na lulubog nang lulubog lamang ang Pilipinas sa kumunoy ng walang katapusang krisis.

Kailangang magpakahusay ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pag-unawa at paglilinaw sa istorikong ugat ng krisis sa ekonomya. Kailangang ilantad ang kapwa maling pananaw ng mga reaksyunaryo: na ang krisis ay bunga ng walang kapararakang kabulukan at katiwalian ng gubyernong Estrada o na ang Pilipinas ngayo'y nasa daan ng muling pagbangon mula sa krisis na iniwan ng gubyernong Ramos.

Ang paglilinaw sa ugat ng krisis sa ekonomya ang isa sa paraan upang maging pangmatagalan ang mga tagumpay sa paglaban upang ibagsak ang rehimeng Estrada.

Papet, bulok, pasista


ng dalawa't kalahating taong pag-iral ng rehimeng Estrada ay kinatangian ng walang patumanggang kabulukan, pasismo at pagkapapet na nagdulot ng walang kaparis na pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayang Pilipino, laluna sa masang anakpawis.

Sa loob rin ng relatibong maikling panahon, ang reaksyunaryong estado sa pangangasiwa ni Estrada ay naging batbat ng walang kasintinding krisis sa pulitika—krisis na ibayong sumambulat nitong Oktubre nang ibunyag ng dating kasapakat ni Estrada na si Gob. Luis "Chavit" Singson ang lawak at lalim ng kabulukan at kabuktutan ng rehimen.

GARAPALANG KRONI-ISMO AT KABULUKAN. Di mapasusubaliang tatak ng rehimeng Estrada sa kasaysayan ng reaksyunaryong pulitika sa bansa ang napakagarapal nitong kroni-ismo at ubod nang iskandalosong kabulukan.

Isa sa mga kauna-unahang ginawa ni Estrada nang siya'y maging presidente ay ang magbayad ng utang na loob sa mga nagpondo sa kanyang kampanya at nagluklok sa kanya sa poder.

Sa unang buwan pa lamang ng kanyang rehimen, naibalik na ni Estrada ang kanyang padrino at pinakamalaking kroni ni Marcos na si Eduardo "Danding" Cojuangco sa *board* ng San Miguel Corp. (SMC) at inatasan ang mga kinatawan ng gubyerno sa kumpanya na iboto siya bilang tagapangulo ng SMC. Nabawi rin ni Cojuangco nitong Nobyembre



Kasabay nito, tumanaw ng utang na loob si Estrada sa pamilyang Marcos na malaon na niyang kaalyado. Tinangka niyang baligtarin ang hatol ng kasaysayan nang tanghalin niyang bayani ang kinamumuhiang yumaong diktador. Sa pagtangkilik ni Estrada, lubusang nakapanumbalik sa poder ang pamilyang Marcos. Kakutsaba rin si Estrada ng mga reaksyunaryong korte at mga rebisyunistang taksil sa patuloy na pagprotekta sa pamilyang Marcos upang di sila managot sa mabibigat nilang kasalanan sa bayan, manatali sa kanilang kamay ang kanilang nakaw na yaman, mabawi nila yaong mga ari-ariang sekwestrado

ng gubyerno at pagkaitan ng karampatang danyos ang puong libong mga biktima ng batas militar.

Sunud-sunod na hakbang ang ginawa ni Estrada upang paboran ang isa pang mayor na kontribyutor sa kanyang kampanya, ang malaking burgesyang kumprador na si Lucio Tan. Nitong Agosto, sa atas ni Estrada ay inabswelto ng korte si Tan sa kasong di pagbayad ng P25-bilyong buwis. Nang magwelga naman noong Setyembre 1998 ang mga manggagawa ng Philippine Airlines (PAL) na pagmamay-ari ni Tan, binraso ni Estrada ang pagpirma ng mga lider ng unyon sa isang kasunduang nagbabawal sa mga manggagawa ng PAL na magwelga at maggiit ng pagtaas sa sahod sa loob ng 10 taon. Minaniobra rin ng Malakanyang ang isang kasunduang naglimita sa dami ng mga pasaherong maaaring isakay patungong Taiwan ng karibal ng PAL na Eva Air.

Kabilang din sa mga kroni ni Estrada nina William Gatchalian, Jaime Dichavez, Jacinto Ng, Lucio Co, Mark Jimenez, Dante Tan at Charlie "Atong" Ang. Lahat sila ay pinaboran ni Estrada sa pagbibigay ng mga kontrata, mga kota sa pag-import at pag-utang ng pondo mula sa mga bangko at institusyong pampinansya ng gubyerno. Bilang kapalit, sila ang pumopronta para kay Estrada sa iligal na pangangamkam nito ng iba't ibang ari-arian.

Di rin mabilang na mga kapamilya, kamag-anak, kabit at kaibigan ni Estrada ang nakakuha ng sarisaring pabor at pribilehiyo mula sa gubyerno.

Nagmamadali si Estrada na mapasakamay ang lahat ng pakinabang ng poder. Ipinagbawal ang pagbibigay ng *pork barrel* sa mga kongresista para masentralisa sa Malakanyang ang pagkamal ng mga komisyon mula sa malalaking proyekto. Ginamit din ang pondo upang bigyang pabor ang kanyang mga kapartidong pulitiko. Sa kabilang banda, inipit o pinagkaitan niya ng

rekurso ang kanyang mga

Higit dito, sinentralisa ni Estrada mula sa Malakanyang ang pagpapatakbo ng mga gawaing kriminal. Ipinagpatuloy at pinalawak niya ang dating negosyong *kidnap for ransom* na sinimulan nila ni Gen. Panfilo Lacson nang magkasama pa sila sa Presidential Anti-Crime Commission. Binuo niya ang Task Force Aduana upang buwagin ang mga kalabang sindikato sa ismagling, laluna sa Subic, at masolo niya ang pakinabang dito.

Ibinunyag naman ni Singson ang pagbubuo ni Estrada ng pambansang koleksyon sa hweteng kapalit ng proteksyon. Hindi pa nasapatan, kalauna'y ginawang ligal ang hweteng (sa pamamagitan ng sugal na "Bingo 2-balls" na dinisenyo ni Atong Ang) para mas madaling bantayan ang pagpapatakbo nito at makatiyak si Estrada na walang ibang basta-bastang makababahagi sa daan-daan milyong kinikita mula rito.

Sa sobrang pagkasugapa nito sa pera, walang pinalampas si Estrada na maaaring pagkakwartahan. Nitong huli, nalantad ang pagkopo ni Estrada ng 40% (o US\$8 milyon) ng \$20-milyong ransom na ibinayad para tubusin ang 20 turistang dinukot ng bandidong Abu Sayyaf mula sa Malaysia noong Marso. Hiningi itong komisyon ni Estrada kapalit ng pakikipagnegosasyon ng rehimen para sa pagpapalaya ng mga bihag. Ang sugong negosyador ni Estrada na si Robert Aventajado ay tumabo naman ng 10% (o US\$2 milyon).

Sukdulan ang korupsyon ng rehimen upang sustentuhan ang napakaluhong pamumuhay ni Estrada at ng kanyang pamilya at mga kabit sa gitna ng malawakang kahirapan ng mamamayan. Subalit ang pagkakalantad ng mga iskandalong kinasasangkutan

ng kanyang rehimen ang siya ring nagiging daan ng kanyang pagbagsak.

DUGUANG REKORD NG PASISMO.

Maagang kinonsolida ni
Estrada ang pasistang
makinarya ng kanyang
rehimen at ipinamalas ang
pagkahumaling sa
militaristang pamamaraan
ng pagsupil sa paglaban
ng mamamayan.

kalaban.

Itinalaga niya bilang hepe ng pulisya ang pinakapinagkakatiwalaan niyang si Gen. Panfilo Lacson, isang sagad-sagarang pasistang maraming utang na dugo sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Pinagkalooban niya ito ng malawak na kapangyarihan, kabilang ang pagtatalaga rin sa kanya bilang pinuno ng Presidential Anti-Organized Crime Task Force. Bumuo rin si Estrada ng sarili niyang base sa reaksyunaryong militar sa pamamagitan ng promosyon sa namumunong mga pusisyon ng kanyang mga tapat na tauhan katulad nina Gen. Angelo Reyes (hepe ng Armed Forces of the Philippines o AFP) at Lt. Gen. Jose Calimlim (pangalawang hepe ng AFP at pinuno ng Intelligence Service of the AFP).

Pinirmahan niya ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) noong Agosto 1998 na siyang unang punto sa substantibong adyenda ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Subalit karakaraka rin itong ibinasura. Tinapos ng rehimen ang negosasyong pangkapayapaan at tuluyang ibinasura ang lahat ng kasunduan sa pagitan ng NDFP at GRP na nabuo sa loob ng halos 10-taong paguusap ng panel ng dalawang panig.

Di nagtagal ay lansakang nilabag ng rehimeng Estrada ang kasunduan sa tigil-putukan sa pagitan ng GRP at Moro Islamic Liberation Front (MILF). Upang piliting magsurender ang MILF, iniutos ni Estrada ang pag-atake ng ilampung libong tropa di lamang sa mga kampo ng MILF sa iba't ibang bahagi ng Mindanao kundi sa mga komunidad ng mamamayang Moro. Kasabay nito, ginamit ng rehimeng Estrada ang mga insidente ng *hostage-taking* ng Abu Sayyaf upang pag-ibayuhin ang gerang anti-Moro.

Hindi nilimitahan ng rehimen sa Mindanao ang gerang anti-Moro at ang paghahasik nito ng lagim. Sa Metro Manila, dalawang manggagawang Moro ang sinalbeyds at 26 na inosenteng sibilyang Moro ang dinampot at pinagbintangang responsable sa mga pambobombang pakana ng gubyernong Estrada.

Ibinasura ng gubyerno ang pakikipagnegosasyon upang walang hadlang nitong maipatupad ang kontrarebolusyonaryong Oplan Makabayan laban sa NDFP at Oplan Pisces Alpha laban sa MILF.

Di tulad ng mga dating oplan ng reaksyunaryong gubyerno na nagbigay ng malaki-laking diin sa psychological warfare, mas matingkad kapwa sa Oplan Makabayan at Oplan Pisces Alpha ang paggamit ng mga malakihang operasyong militar upang durugin ang armadong paglaban ng mamamayan. Sa Timog Katagalugan, isa sa mga rehiyong pinuruhan ng militaristang pag-atake ng rehimen, hinigitan na ng gubyernong Estrada sa loob ng unang dalawang taon nito, ang 20-taong rekord ng diktadurang Marcos sa dami ng mga naging biktima ng kontrarebolusyonaryong karahasan. Sa Mindanao, umabot sa isang milyon ang sapilitang lumikas sa kanilang mga tahanan dahil sa mga pambobomba at pananalakay, mga masaker at harasment na inihasik ng reaksyunaryong militar laban sa mamamayang Moro. Ilang daan din ang nagkasakit at nangamatay sa marurumi at masisikip na evacuation center na pinatatakbo ng gubyerno.

Ibayo pang pinalakas ni Estrada ang pasistang

makinarya. Dinagdagan niya nang 35,000 ang bilang ng mga pwersa ng paramilitar na CAFGU. Muling binuhay at inarmasan ng militar ang mga antikomunistang kulto upang gamitin laban sa rebolusyonaryong kilusan. Lumikha ng isteryang anti-Moro ang rehimen upang engganyuhin ang pag-oorganisa ng mga vigilanteng anti-Moro.

Sa kalunsuran, lalong tumingkad ang marahas na pagsupil sa ligal na demokratikong kilusan. Naging kalakaran na ng rehimen ang pagbuwag sa

mga welga at mapayapang mga demonstrasyon. Noong Hunyo, 15,000 pulis ang itinalaga upang supilin ang mga kilos protesta laban sa State of the Nation Address ni Estrada. Isang-daan at labing-siyam ang nasaktan at 35 ang inaresto nang salakayin ng mga pulis ang mga demonstrador. Paulit-ulit ding binuwag

ang piketlayn ng mga manggagawa ng Manila Hotel at Light Rail Transit. Sige ang demolisyon, laluna ng mga maralitang komunidad na pinaghihinalaang base ng rebolusyonaryong kilusan. Tumitindi ang pagmamanman at pananakot di lamang laban sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon kundi ng mga kalaban ni Estrada sa pulitika, laluna't lumalalim ang krisis na kinasasadlakan ng rehimen at lumalakas ang paglaban dito ng mamamayan.

WALANG PAKUNDANGANG PAGKAPAPET. Noong Mayo 1998, muling ipinamalas ng rehimeng Estrada ang walang pakundangang pagkapapet nito nang aprubahan ng reaksyunaryong Senado ang Visiting Forces Agreement (VFA). Sa pamamagitan ng VFA at iba pang kasunduang militar, libreng magmasoklabas ang mga tropa ng US sa anumang bahagi ng Pilipinas at gamitin ito sa mga pagsasanaymilitar. Libre ring gamitin ng US ang anumang daungan o paliparan ng bansa sa pagtransport ng mga tropa nito. Tinitiyak ng VFA na ang Pilipinas ay patuloy na magsisilbi sa estratehiya ng US na pasulong na disposisyon (forward deployment strategy) kung saan may mga tropa ang US na pirming handa na maglunsad ng digmang

Mula nang aprubahan ang VFA, makailang ulit na napatunayan ng rehimeng Estrada ang pagiging matapat na tuta nito ng imperyalismong US.

kabilang na ang Pilipinas.

agresyon laban sa anumang kalaban sa

Asia-Pacific hanggang sa Middle East,

Di bababa sa anim na pagsasanay-militar na ang inilunsad sa Pilipinas ng mga tropa ng US mula nang magkabisa ang VFA, kabilang ang Balikatan 2000 nitong

Enero hanggang Marso 2000. Isang buwan bago idaos ang Balikatan, sunud-sunod nang operasyong militar na karaniwang bumiktima ng mga minoryang Aeta ang inilunsad ng AFP sa Gitnang Luzon upang "linisin" ang

lugar para sa pagsasanay ng mga tropa ng amo nitong imperyalista. Pagkatapos ng Balikatan, dalawang sundalong Amerikano na nambugbog ng isang drayber sa Cebu ang hinayaan ng tutang gubyerno na umalis ng Pilipinas nang hindi nananagot sa kanilang kasalanan.

Nitong Agosto, dalawang kabataan (edad 17 at 18) ang namatay at isang 11-taong-gulang na bata ang nasaktan nang sumabog ang isang granada ng M79 habang nag-iipon sila ng panggatong sa pinagdausan ng Flash Piston 007 sa Toledo, Cebu. Sa halip na igiit ng pamahalaang Estrada sa US na panagutan ang pangyayari, inalok ng Malakanyang ng salapi ang pamilya ng mga biktima upang manahimik na lamang ang mga ito.


Labing-walong pagsasanay-militar ang nakatakdang idaos sa 2001 alinsunod sa VFA.

Tulad ng maaaring asahan sa isang matapat na tuta, walang ginagawang hakbang ang gubyernong Estrada upang igiit sa US na linisin ang iniwan nitong basura at panagutan ang pinsalang tinamo ng mga biktima. Mula 1995 ay di bababa sa 126 katao na ang namatay at 174 katao ang may malubhang karamdaman sanhi ng mga nakalalasong basurang iniwan ng mga tropang Amerikano nang lansagin ang kanilang mga base militar sa Pampanga at Zambales.

Habang niyayanig ng lumalalang krisis di lamang ang kanyang rehimen kundi ang buong reaksyunaryong sistema, ibayong titingkad ang lantarang pagpapakatuta ni Estrada.

Ang Lumulubhang krisis pampulitika ay lalong nagpapabilis sa paghinang ng malawak na prenteng

anti-Estrada at nagtutulak sa rehimen sa sukdulang pagkakahiwalay. Habang isinusulat ito, ang rehimeng Estrada ay mistulang bilanggong hinatulan ng bitay, na sa bawat tiktak ng orasan ay lalong nalalapit sa hukay.



pagiging matapat na

tuta nito na

imperyalismong US.



PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO

awat araw ay nadaragdagan ang mga kaso ng paglabag ng rehimeng Estrada sa mga karapatang-tao sa desperasyong manatili ito sa poder. Kabilang dito ang walang pakundangang pag-atake ng rehimen sa paparaming mga anti-Estradang elementong banta sa pananatili nito sa kapangyarihan: mga kaso ng pagdukot, pananakot sa mga testigo sa kasalukuyang impeachment trial, ang mararahas na pagbuwag sa mga piket, rali at iba pang pagkilos ng nagkakaisang prenteng anti-Estrada sa kalunsuran.

Tuluy-tuloy ang pagpapatupad ng todo-larga at mapanalantang kontra-rebolusyonaryong digma sa kanayunan, patunay na hungkag ang unilateral na Suspension of Offensive Military Operations o SOMO na idineklara ng berdugong AFP. Samantala, ang kamakailan lamang na pangakong pagpapalaya sa daandaang bilanggong pulitikal bunga ng "kasunduang pangkapayapaan" ng gubyerno at mga rebisyunistang taksil ay malinaw na isang palabas lamang. Nitong Oktubre, 212 bilanggong pulitikal na ang nakatalang nakapiit sa iba't ibang sulok ng bansa.

Nananatili ring walang-kibo si Estrada para maigawad ang kumpensasyon at indemnipikasyon ng 9,539 biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao ng diktadurang Marcos.

Ang sumusunod ay ilan sa mga paglabag ng rehimeng US-Estrada mula Setyembre hanggang Disyembre 2000:

DISYEMBRE 26. Pagpatay ng mga tropa ng 54th IB sa pamumuno ni 2Lt. Michael Glen Manansala sa mga magkamag-anak na sina Luis at Roger de la Cruz

sa Sityo Sangaydi, Barangay Villa Gracia, Maddela, Quirino. Ang dalawa ay mga sibilyan na pinagbabaril sa simpleng hinala na sila ay mga mandirigma ng BHB . Ito'y matapos mabigong lipulin ng mga

sundalo ang naka-engkwentrong grupo ng BHB sa naturang lugar.

DISYEMBRE 11. Marahas na pagbuwag ng mga armadong bantay mula sa ahensyang pag-aari ni Mayor Oscar Jaro

ng Imus, Cavite sa piket ng Unyong Cottrell Network Phils.- Metal Industries Inc., sa Trece Martirez, Cavite City at walang pakundangang pagbaril kina Diosdado Marquez at Primo Fabricante,



mga myembro ng naturang unyon na tumututol sa iligal na pagtanggal sa 41 ng 80 manggagawa sa Cottrell.

Noong Disyembre 13, nireimpors pa ng lokal na pulisya ng Trece Martirez ang mga naturang bantay upang supilin ang may 150 demonstrador na kumundena sa marahas na pagbuwag sa piket ng mga manggagawa.

NOBYEMBRE 27. Sapilitang pagpapalikas sa may 50 pamilya sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pambobomba ng mga sundalo ng 2nd Infantry Division sa mga sityo ng Montililian, Bua at Mokahil ng Barangay Pandan at mga sityo ng Tuquian at Bangkod ng Barangay Kaskas, lahat sa Ligao,Albay, bilang ganti sa pagreyd ng BHB sa isang detatsment ng 22nd IB sa Barangay Kaskas noong Nobyembre 26.

NOBYEMBRE 20. Pagpaslang kay Olimpio Jalapit Jr., isang brodkaster ng Radio Mindanao Network sa Pagadian City at kilalang kritiko ng rehimeng Estrada. Kahit ang pinsan ni Jalapit na saksi sa krimen ay pinagbantaan ng mga salarin.

NOBYEMBRE 15. Marahas na pagbuwag ng mga elemento ng Special Weapons and Tactics (SWAT), PNP at mga bayarang gwardya sa pangunguna ni S/Supt. Manuel Cabigon sa barikada ng may 200 manggagawa ng Light Rail Transit at mga tagasuporta nito mula sa kabataan at sektor ng paggawa. Pinagpapalo ng batuta ang mga welgista. Labingtatlo ang dinakip at kinasuhan ng trespassing at malicious mischief.

NOBYEMBRE 14. Marahas na pagbuwag ng *airport police* sa pangunguna ni Airport Police Chief Edgar Gatumbao at mga pribadong gwardya sa raling anti-Estrada ng may 50 myembro ng Philippine Air Lines Employees Association o PALEA sa *departure area* ng NAIA Centennial Terminal II. Nagtamo ng mga sugat sa ulo ang mga manggagawang sina Jimmy Nakar at George dela Rosa.

NOBYEMBRE 12. Pagmasaker sa limang myembro ng pamilyang Elecciong isang anti-komunistang armadong kulto na itinayo ng mga kapatid ng pusakal na si Norberto Manero. Pinagbabaril sina Luzviminda Eleccio, 35 taong gulang; ang mga anak niyang sina Richard, 16; Gemma, 18 at kasintahan nitong si Allan Seroco, 34; at pamangkin ni Luzviminda na si Benjie Sujede, 5 taong gulang, sa kanilang bahay sa Barangay Lasak, Columbio, Sultan Kudarat. Ang tanging nabuhay ang sugatan na si Geronimo Eleccio, asawa ni Luzviminda pinaghihinalaang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan. Pinagbabantaan din ng magkakapatid na Manero na aambusin ang mga pari ng Columbio, Sultan Kudarat dahil sa pagsuporta nila diumano sa BHB.

HULING LINGGO NG NOBYEMBRE. Sapilitang pagpapagiya ng 54th IB sa mga bihag ng digmang sina Mar "Ka Mar" Rodriguez at JR "Ka CJ" Bulosan, mga mandirigma ng BHB na nadakip sa Echague, Isabela noong Nobyembre 18.

OKTUBRE 23. Pagbuwag ng mga elemento ng SWAT at PNP sa hanay ng mahigit 50

myembro ng July 10 Payatas Victims Organization (J10PVO) na nakatakdang magkampo nang isang linggo sa paligid ng Quezon City Hall upang magprotesta sa patuloy na pagkakabimbin sa mga bangkay ng kanilang mga kamag-anak na natabunan ng basura noong Hulyo 10 sa Payatas dumpsite sa Quezon City.

SAPUL NITONG IKATLONG LINGGO NG NOBYEMBRE, tuluy-tuloy ang mga operasyong militar at psywar sa kanayunan at mga lunsod at sentrong bayan ng Cagayan Valley laluna sa mga lugar na lunsaran ng mga aksyong protesta. Ayon sa pahayag ng Benito Tesorio Command ng Bagong Hukbong Bayan sa Hilaga-Silangang Luzon, desperado ang AFP at PNP na pigilin ang malawakang pagkilos mamamayan laban sa rehimen. Kaakibat nito, pinalalakas at dinadagdagan pa ang 270 CAFGU sa Cagayan, Isabela, Quirino at Nueva Vizcaya.

Pugad naman ng walang-habas na paniniktik ang Kamaynilaan, Timog Katagalugan at iba pang mga sentrong bayan sa buong kapuluan.

Nitong huling bahagi ng Oktubre, muling napabalita ang lantarang paniniktik ng mga elemento ng AFP sa mga progresibo militanteng organisasyon sa Timog Katagalugan kabilang ang upisina ng Alyansa sa Pagsusulong ng Karapatan ng Mamamayan sa Timog Katagalugan. Gayundin, ang upisina ng Rural Missionaries of the Philippines sa Imus, Cavite at upisina ng Katipunan ng Samahang Magbubukid sa Los Banos, Laguna, ay isinailalim sa garapalang paniniktik kamakaila'y pinasok ng di kilalang kalalakihan na pilit na nagtatanong kung sinu-sino ang mga lalaking madalas bumisita rito.

Nabunyag din ang iligal na pagmamanman ng AFP sa mga lider at myembro ng mga kilusan sa pagpapatalsik sa rehimeng US-Estrada, gayundin sa mga tinaguriang kontra-Estradang mga senador at personalidad. Isinasailalim sila sa elektronikong paniniktik (pakikinig sa mga usapan sa telepono atbp.) na isinasagawa mula sa binansagang "war room" sa mga kampong Crame at Aguinaldo.

TALAAN NG MGA KASO NG PAGLABAG SA KARAPATANG-TAO SA ILALIM NG REHIMENG US-ESTRADA

Mga kaso	(Hul. '98 - Dis. '99/ 18 buwan)	(Ene Nob. 2000/ 11 buwan)
Paglabag sa mga karapatang-tao	538	436
Iligal na pag-aresto at pagbilanggo	84 kaso, 282 biktima	85 kaso, 269 biktima, 1 barangay
Desaparesido at pananalbeyds	23 kaso, 27 biktima	17 kaso, 39 biktima
Masaker	9 insidente, 39 biktima	5 insidente, 45 biktima, 18 nakaligtas

... at 321 kaso ng istraping, bigo at tangkang pagpatay, pagdukot, panghaharas, panghahalughog at pagnanakaw, koersyon, paginteroga, pambobomba, pagmamanman, pang-aabusong sekswal, paglabag sa internasyunal na makataong batas, ebakwasyon, paninira ng ari-arian at pangungubkob, na bumiktima sa may 39,000 indibidwal bukod pa sa 20 barangay mula Enero hanggang Nobyembre 2000. *(mula sa Karapatan)*



uluy-tuloy na niyayanig ng matinding bangayan sa hanay ng magkakatunggaling paksyon sa naghaharing uri at ng mariing pagbatikos at paglaban ng mamamayan sa kabulukan at pagpapakatuta ng mga nasa poder ang mga reaksyunaryong papet na estado ng Peru, Indonesia, Pilipinas, Thailand at iba pang malakolonya.

Nitong Disyembre 7, sinimulan na ang paglilitis ni Joseph Estrada, presidente ng Pilipinas, sa mga kasong panunuhol at katiwalian sa gitna ng papalaking mga demonstrasyon sa lansangan na nananawagan para sa kanyang pagpapatalsik.

Sa Thailand, kinukundena ng mamamayan ang patuloy na pagkalugmok ng ekonomya, malawakang korupsyon ng partidong nasa poder at kahirapang dinaranas nila sa mga "reporma" ng gubyerno. Inaasahang matatalo ang nasabing partido sa darating na eleksyon sa Enero 2001.

Sa Indonesia, nahaharap sa mga kaso ng panunuhol si Abdurahhman Wahid, presidente nito nang 13 buwan pa lamang. Dagdag ito sa marami pang kaso ng katiwalian na hindi malayong hahantong din sa prosesong *impeachment*. Matatandaang napilitang magbitiw sa katungkulan ang sinundan nitong presidente na si Suharto sa harap ng malawakan at mararahas na demonstrasyon laban sa kanya noong nakaraang taon.

Sa Taiwan, nagsasagawa na ng hakbang ang

oposisyon para sa *impeachment* ng presidente nito nang pitong buwan pa lamang na si Chen Shui-bian dulot ng kainutilan nitong ibangon ang kanilang ekonomya.

Sariwa pa sa alaala ang pagpapatalsik kay Alberto Fujimori, presidente ng Peru nang 10 taon, bunga ng pagkamuhi sa kanya ng mamamayang Peruvian. Nanatili si Fujimori sa Japan habang pinatatalsik siya sa Peru upang takasan ang mga kaso ng katiwalian, panunuhol at malawakang paglabag sa karapatang-tao na nakasampa laban sa kanya doon.

Sa bahaging Eurasia, pinakamatingkad ang pagguho ng ilusyong istabilidad ng bagong tatag na gubyernong koalisyon ng Turkey nang mabunyag ang mga katiwaliang kinasasangkutan ng pamilya ng bagong presidente nito.

Lumalakas ang mga di armado at armadong kilusan ng mamamayan. Maramihang nagtutungo sa lansangan ang mamamayan upang igiit ang kagyat na pagbitiw ng mga nasa poder. Ngunit higit pa rito, namumuo na bilang isang materyal na pwersa ang matinding disgusto ng mamamayan sa mga reaksyunaryong gubyernong hindi tumupad sa kanilang ipinangakong kasaganaan at ibayong nagpahirap sa kanila.

Sa Pilipinas, nagbuklod ang pinakamalawak na pwersang anti-Estrada upang ipanawagan ang kanyang pagpapatalsik, kundenahin ang kanyang mga patakaran sa ekonomya at igiit ang karapatan at kagalingan ng mga inaaping sektor. Kaalinsabay ito sa paglakas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan.

Hindi lingid sa kaalaman ng imperyalismong US ang burukratikong korupsyon ng mga papet nito, taliwas sa kasalukuyang asta nitong "kontrakorupsyon". Sa katunayan, kinukunsinte ito ng US kapalit ng masugid na pagsunod at pagpapatupad ng mga tuta nito sa pinakamasasahol na maka-impervalistang patakaran.

Sa Indonesia. bukod malawakang demonstrasyon ng mga manggagawa, estudyante at mga reaksyunaryong pulitikong anti-Wahid, umaani ng lakas at suporta ang armadong mga kilusan sa Aceh at Maluku na nakikipaglaban para sa kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili, sa inspirasyon ng magtagumpay ang pakikibaka para sa pagpapalaya ng mamamayan ng East Timor.

Sa Peru, lumalawak kapwa ang ligal at armadong

pakikibaka ng mamamayan na tumapos sa pasistang paghahari ni Fujimori. Gayundin, militanteng naninindigan ang mamamayan ng Cote d' Ivore (Ivory Coast, isang bansa sa Africa), Israel, Colombia, Fiji at Solomon Islands laban sa mga pasistang patakaran ng mga reaksyunaryong nasa poder. Pumuputok din ang mga welga ng mga manggagawa at iba pang pagkilos ng mamamayan mula South Korea hanggang Argentina upang ipaglaban ang kanilang mga trabaho sa harap ng malawakang pagsasara ng mga empresa at mataas na tantos ng kawalan ng trabaho.

Ang panibagong kaguluhan sa pulitika sa mga malakolonya ng imperyalismong US ay kapwa produkto at paglala ng krisis ng pandaigdigang sistema ng kapitalismo. Karamihan sa mga papet na gubyerno ay bangkarote sanhi ng mga patakarang "neoliberal" na ibinabandera ng imperyalismo. Dulot ng matinding krisis sa ekonomya, lalong tumitindi ang bangayan ng mga reaksyunaryo hindi lamang dahil kumikitid ang yaman na maaari nilang paghati-hatian kundi dahil sinosolo pa ito ng pangkating nasa poder.

Likas ang katiwalian at korupsyon ng mga burukratang kapitalistang nakaluklok sa mga estadong neokolonyal. Bahagi ng burukratikong katiwalian ng mga reaksyunaryo ang kanilang direktang pamumuno o di kaya'y pagkandili sa mga kroni at mga sindikatong kriminal na malakihang nag-aambag sa kani-kanilang pondong pangkampanya at maluhong pamumuhay. Sa kaso ng Colombia, Russia at Pilipinas, ang estado ay pinatatakbo ng malalaking sindikatong kriminal na pinamumunuan ng mismong presidente ng bansa.

Hindi lingid sa kaalaman ng imperyalismong US ang burukratikong korupsyon ng mga papet nito, taliwas sa kasalukuyang asta nitong "kontra-korupsyon". Sa katunayan, kinukunsinte ito ng US kapalit ng masugid na pagsunod at pagpapatupad ng mga tuta nito sa pinakamasasahol na maka-imperyalistang patakaran. Madali lamang naman para rito ang magpalit ng tuta oras na sumingaw ang baho ng pangunahing mga tauhan nito at maging sagabal sila sa interes ng imperyalismo.

Mabilis na kumikilos ang imperyalismong US upang resolbahin ang sigalot sa pagitan ng mga reaksyunaryong pangkatin at hadlangan ang bwelo ng mga kilusan ng mamamayan. Hangga't maaari, inaalis ang nasa poder sa pinakamabilis at pinakamahinahong paraan at iniuupo ang bagong papet na kadalasa'y mas masugid pang tuta kaysa sa pinalitan nito. Sa garantiya ng US, kusang nagbibitiw ang mga pinatatalsik kapalit ng pag-abswelto sa kanila sa mga kasong kriminal o di kaya'y ang pagkupkop sa mga ito ng mga "kaibigang" bansa katulad sa kaso ni Marcos (na niyakap ng US), Fujimori (na kinakandili ng Japan) at

Nawaz Sharif ng Pakistan (na kinukupkop ng Saudi Arabia).

Ngunit katulad ng sinundan nitong mga reaksyunaryo, tiyak na haharapin ng bagong mga tuta ang palagiang krisis na likas sa mga malakolonya at ang patuloy na paglakas ng mga armado at di armadong kilusan ng mamamayan.



Liga ng mga pakikibaka ng mamamayan

ng daigdig, pinaghahandaan

SAKSI ANG DAIGDIG SA PAGSAMBULAT NG MGA PAKIKIBAKA 1 mamamayan na naglalayong humulagpos mula sa papatindii kahirapan, kagutuman, kaguluhan at kawalang-katarunga pagkawasak ng kalikasan at mga mapanalantang digma, i pawang nagkakait ng kinabukasan sa kabataan ng daigdig. Tulu tuloy na sumusulong ang milyun-milyong mamamayan sa larang ng armado at di armadong pakikibaka—mula sa mga laranga gerilya ng Pilipinas, Peru at Colombia hanggang sa mga lansang ng US, Melbourne, Prague, Paris at London—upang ipaglab ang interes ng mamamayang binubusabos at pinagsasamantalah ng imperyalismo.

Tungo sa layuning magkaisa at magtulungan ang iba't ibang mga nakikibakang mamamayan, puspusan ngayong inihahanda ang pagtatatag ng International League of People's Struggles (ILPS o Pandaigdigang Liga ng mga Pakikibaka ng Mamamayan) sa Mayo 2001. Ang ILPS ay magsisilbi pangunahin bilang porum upang magpalitan ng karanasan at magkatulungan ang iba't ibang nakikibakang mamamayan.

FIRST INTERNATIONAL ASSEMBLY. Kasalukuyang puspusang pinaghahandaan ng International Initiative Committee (IIC) ang First International Assembly (FIA), ang kauna-unahang pagtitipong bubuo sa ILPS. Idaraos ito sa Mayo 2001 sa The Netherlands. Pinamumunuan ang IIC ni Jose Ma. Sison, tagapangulong tagapagtatag ng PKP at pinuno ng Center for Social Studies, at kinabibilangan ng mga kinatawan mula sa Germany, Pilipinas, Mexico, Britain, Turkey at iba't ibang pandaigdigang institusyon.

Ang FIA ay may temang "Mga Mithiin ng Mamamayan para sa Pandaigdigang Pagkakaisa sa ika-21 Siglo". Dito paguusapan at pagtitibayin ang mga deklarasyong binalangkas ng IIC. Pagtitibayin ng FIA ang mga layunin ng ILPS at magbabalangkas ng mga resolusyong magtatakda ng mga gawain ng liga.

Panimulang pinaghahandaan ng IIC ang FIA sa pamamagitan ng masugid na pag-ipon ng mga komentaryo hinggil, at suporta para sa asembliya, pagsasaayos ng mga detalye nito kabilang ang pagpapatala sa mga lalahok, pagbalangkas ng mga mungkahing patakaran at paghapag ng mga mungkahi sa paghahanda.

MUNGKAHING KATANGIAN. Ayon sa mga tagapaghanda nito, ang ILPS ay para sa mga nasa mauunlad at atrasadong mga bansa at maging sa mga kumakaharap sa anumang trahedyang pangkalikasan, nilasong tubig o pagkain, o sa lahat ng dumaranas



ng tumitinding pagsasamantala, pagkawasak sa o kawalan ng mga trabaho, kawalan ng ayuda o anumang paglabag sa mga karapatang-tao, at marami pang ibang krisis.

Batay sa mga deklarasyong binalangkas ng IIC, ang ILPS ay magkakaroon ng katangiang malawak, pangmasa at nagsasarili mula sa iba pang partidong pulitikal, pamahalaan o relihiyon. Palalaganapin, itataguyod at pauunlarin nito ang anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka ng mga manggagawa at aping mamamayan ng daigdig upang labanan ang pang-ideolohiya, pampulitika, pangmilitar, pang-ekonomya at pangkulturang paghahari at mga atake ng imperyalismo at mga reaksyunaryo na siyang sanhi ng samutsaring paghihirap ng sangkatauhan. Ilalantad rin nito at lalabanan ang di-makataong mga patakaran at hakbangin ng mga kumpanyang multinasyunal, ng kanilang mga gubyerno at mga pandaigdigang ahensya gaya ng International Monetary Fund, World Bank at World Trade Organization at mga alyansang militar.

Ayon sa nakabalangkas na deklarasyon, kikilos ang ILPS upang makamit ang pagkakaisa, pagtutulungan at pag-uugnayan ng mga manggagawa, mga unyon at organisasyon ng kababaihan, kabataan, mga magsasaka, mga guro, mga manggagawang pangkalusugan, mga mamamahayag, manunulat, dalubhasa, teknolohista, abugado at iba pang mga propesyunal, at mga popular na kilusan, kampanya at makatarungang pundasyong magtataguyod sa mabubuo't mapipinalisang mga mithiin ng liga.

LUMALAWAK, LUMALAGO. Noong Oktubre, mahigit 90 organisasyon na ang nagpahayag ng intensyong lumahok sa unang asembliya. Bago matapos ang Nobyembre, ibayo pang lumawak ang bilang sa 217 organisasyon mula sa humigit-kumulang 50 bansa. Ayon sa IIC, sinasalamin nito ang pagkakaisa at pagtutulungan ng lahat ng mga organisasyong lumahok o sumuporta sa mga paghahanda ng IIC mula umpisa. Dagdag pa ng IIC, matapos ang ikalimang pagpupulong nito noong Oktubre ay lalo pa itong naging deteminadong "pag-ibayuhin ang mga pagsisikap upang lalong madagdagan ang bilang ng mga lumalahok at sumusuportang organisasyon."

Mga paksa sa mungkahing mga workshop ng Unang Asembleya:

- Pambansa at panlipunang paglaya mula sa imperyalismo at lahat ng reaksyon;
- Mga karapatang-tao sa larangang sibil, pampulitika, pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura;
- Mithiin ng kapayapaan laban sa mga mapanalakay na digma at laban sa mga armas na nukleyar at panghenosidyo;
- Karapatan ng mga manggagawa, pagbawas sa oras ng paggawa at buong sahod laban sa malawakang disempleyo at bumabagsak na antas ng sahod;
- Karapatan ng mga magsasaka, manggagawang bukid at mangingisda laban sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala't pang-aapi;
- Karapatan ng kababaihan laban sa diskriminasyon sa kasarian at karapatan ng mga bata laban sa child labor at iba pang mga anyo ng pagsasamantala;
- Karapatan ng mga katutubo at mga nasyunalidad laban sa sobinismo at rasismo;
- · Karapatan ng mga guro at kabataan;
- Pagtatanggol sa kalikasan laban sa pandarambong at polusyon; at
- Karapatan at kagalingan ng mga nagsilikas at mga migranteng manggagawa.

MGA BALITA SA PAKIKIBAKA



MUNISIPYO SA NUEVA VIZCAYA, SINALAKAY

Pitong M16, dalawang M14, dalawang 9 mm na pistola, isang .45 at maraming kagamitang pangkomunikasyon ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa inilunsad nitong reyd sa munisipyo ng Santa Fe, Nueva Vizcaya bandang tanghali nitong Disyembre 23.

Nakapasok sa munisipyo ang isang platun ng mga Pulang mandirigma sa pamamagitan ng panlalansi. Nagkaroon ng ilang minutong labanan sa pagitan ng BHB at limang pulis na tumatao sa hedkwarters ng PNP sa Santa Fe na nagresulta sa pagkamatay ng isang pulis at pagkasugat ng hepeng pulis na si P/Insp. Narciso Paragas.

8 ARMAS NASAMSAM SA REYD SA QUEZON

Anim na M16 at isang pistolang Llama ang nakumpiska nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang istasyon ng pulisya at munisipyo ng Agdangan, Quezon nitong Disyembre 5. Nasamsam din mula sa walang-putok na reyd ang isang *VHF radio*, isang *UHF radio* at 700 bala na iba't ibang kalibre.

Samantala, nireyd ng isa pang tim ng BHB ang bahay ng isang retiradong sundalo na malapit sa istasyon ng pulis at kinumpiska ang kanyang .45 na pistola.

Ang mga sumalakay na Pulang mandirigma ay lulan ng dalawang *dump truck*.

DETATSMENT NG PULIS SA PALAWAN, NIREYD

Isang reyd ang inilunsad ng BHB laban sa detatsment ng PNP sa Puerto Princesa, Palawan nitong Disyembre 26 ng umaga. Ang detatsment na binabantayan ng isang pulis ay nasamsaman ng mga Pulang mandirigma ng isang M16, isang 9 mm at mga bala.

SERYENG PAGPAPARUSA, INILUNSAD

Apat na operasyong pagpaparusa ang inilunsad ng BHB sa Laguna, Mindoro at Tarlac ngayong Disyembre.

Sa Laguna, pinarusahan ng mga Pulang mandirigma nitong Disyembre 17 si SPO3 Francisco Garcia, *deputy police chief* ng Mabitac. Papunta si Garcia sa kanyang taniman nang tambangan ng BHB.

Sa Mindoro Occidental, si SPO1 Ernesto Dacula ay ginawaran ng BHB ng rebolusyonaryong hustisya nitong

Disyembre 13. Si Dacula ay isang pusakal na badigard ng despotikong panginoong maylupa na si Ricardo Quintos.

Ayon naman sa ulat koresponsal mula sa *Kalatas* (pahayagang masa sa Timog Katagalugan), pinarusahan din nitong Disyembre 3 si P/Sr. Insp. Edison Atienza, dating hepe ng pulisya sa Puerto Galera, Oriental Mindoro. Si Atienza ay pinarusahan dahil sa kanyang mga utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan, sa kanyang aktibong paglahok sa mga operasyong militar laban sa BHB at sa pagiging protektor ng mga iligal na gawain. Pinakahuling kaso ni Atienza ang pagpatay sa *hors d'combat* (nawalan na ng kakayahang lumaban) na si J. Tresvalles (Ka Joker) noong Agosto 3.

Sa Tarlac, ginawaran ng rebolusyonaryong katarungan si Marcelo Guiang sa bayan ng Mayantoc. Si Guiang ay lider ng isang sindikato ng mga manghoholdap na bumibiktima sa mga byaherong dumadaan sa mga bayan ng silangang Tarlac.

PAGLABAG SA SOMO SA CAGAYAN, INILANTAD

Inilantad ng rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan Valley ang kahungkagan ng Suspension of Offensive Military Operations o SOMO na idineklara ng rehimeng Estrada na nagsimula umano nitong Disyembre 9. Sa isang pahayag sa midya nitong Disyembre 14, sinabi ni Salvador del Pueblo, tagapagpahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at National Democratic Front sa Cagayan Valley, na nagpapatuloy pa rin ang mga operasyong pangkombat ng 5th Infantry Division na sinimulan noon pang Nobyembre 13.

Kasalukuyang naglulunsad ng operasyong pangkombat ang tatlong platun ng 41st IB sa lugar ng West Baggao-Alcala, Cagayan; dalawang platun ng 41st IB sa Zinundungan Valley, Rizal, Cagayan; limang platun ng 54th IB sa mga bayan ng Jones, Echague at San Agustin sa Isabela; isang platun ng 5th ID Reconnaisance Coy sa Jones, Isabela; dalawang platun ng 54th IB sa Maddela, Quirino; dalawang platun ng 54th IB sa Dupax-Aritao, Nueva Vizcaya; at apat na platun ng 45th IB sa San Mariano, Isabela.

Inilantad rin ni del Pueblo na kaakibat ng naturang mga operasyon ang malawakang rekrutment at treyning ng mga CAFGU.

Samantala, kinundena ni del Pueblo ang sapilitang

paggamit sa dalawang nabihag na mandirigma ng BHB (Mar "Ka Mar" Rodriguez at JR "Ka CJ" Bulusan) bilang giya sa mga operasyon ng kaaway. Sina Ka Mar at Ka CJ ay nabihag noong Nobyembre 18 sa Madadamian, Echague, Isabela. Sa isang bukas na liham para sa 5th ID nitong Disyembre 11, hinamon ni del Pueblo ang pamunuan ng 5th ID na kilalanin ang dalawa bilang bihag ng digma na inaalagaan at pinuproteksyunan ng mga alituntunin ng digma at ng internasyunal na makataong batas.

KASUNDUAN NG GRP AT RPA-ABB, KINUNDENA

Kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Negros (PKP-Negros) ang "kasunduang pangkapayapaan" sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ng Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPA-ABB).

Sa isang pahayag, sinabi ng PKP-Negros na ang makikinabang lamang sa kasunduan ay ang angkan ni Eduardo Cojuangco Jr., ang alkalde ng Salvador Benedicto na si Cynthia de la Cruz, ang kanyang asawa na si Nehemias at ang mga lider ng RPA-ABB na sina Arturo Tabara at Nilo de la Cruz. Anito, ang pagpirma sa kasunduan nitong Disyembre 10 sa bayan ng Salvador Benedicto, na sinaksihan nina Cojuangco at Joseph Estrada ay isang "malaking pagtitipon ng mga warlord at gangster".

Si Cojuangco, na padrino nina Tabara at siyang namagitan sa pagbubuo ng kasunduan, ay pusakal na warlord at despotikong panginoong maylupa sa Negros samantalang sina Tabara at de la Cruz ay sangkot sa mga gawaing gangster tulad ng panghoholdap ng mga bangko.

Bahagi ng kasunduan ang paglalaan diumano ng P500 milyon ng rehimeng Estrada para sa mga proyektong tutukuyin nina Tabara.

WALANG TIGIL-PUTUKAN NGAYONG KAPASKUHAN—PKP

Ipinahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, pambansang tagapagsalita ng PKP, na hindi magdedeklara ng tigil-putukan ang PKP at BHB ngayong Kapaskuhan alinsunod sa desisyon ng pamunuan ng dalawang rebolusyonaryong organisasyon.

Ani Ka Roger sa isang pahayag sa midya nitong Disyembre 4, ang lahat ng yunit ng BHB ay inaatasang ipagpatuloy at ibayong paigtingin ang mga taktikal na opensiba laban sa rehimeng US-Estrada bilang tugon sa malawak na panawagan ng mamamayan na paigtingin ang lahat ng uri ng pakikibaka para tapusin ang kinamumuhiang pamahalaan. Inatasan din ang mga Pulang mandirigma na bigyan ng espesyal na pansin ang pagpaparusa sa pinakamalalaki at pinakamasasahol na mandarambong, mang-aapi at manghuhuthot sa sambayanan.

KARAGDAGANG BALITA MULA SA KABIKULAN

Patuloy na umaani ng tagumpay ang armadong pakikibaka sa Kabikulan.

Ayon sa pinakahuling pahayag ng Romulo Jallores Command ng Bikol, may 16 pang mga taktikal na opensibang nailunsad mula Setyembre hanggang Nobyembre bukod sa mga dati nang naiulat ng *Ang Bayan*:

- n Pagsalakay ng isang kumpanya ng BHB sa punong detatsment ng pulisya at munisipyo ng bayan ng Caramoan, Camarines Sur noong Nobyembre 18. Namatay sa reyd ang isang pulis at isang elemento ng CAFGU at nasugatan ang dalawa pang pulis. Nakasamsam ang BHB ng mga armas at iba pang kagamitang pangmilitar, pangkomunikasyon at pangupisina.
- n Pagparusa noong Nobyembre 17 ng isang tim ng BHB kay SPO1 Ronilo Hermosa, isang pusakal na pulis sa Barangay Curbada, Cataingan, Masbate. Bago nito, noong Nobyembre 16 ay pinarusahan din ng BHB sa Masbate ang isang pusakal na pulis na may mabibigat na kasalanan sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.
- n Pagtambang sa mga tropa ng 202nd Bde na lulan ng isang *Kennedy-type* na dyip sa Barangay Peñafrancia, Daraga, Albay noong Nobyembre 13. Tatlong sarhento ang namatay at dalawa pang sundalo ang nasugatan.
- n Pagparusa noong Nobyembre 8 kay T/Sgt. Regino Satur, upisyal sa paniktik ng 203rd Bde, na responsable sa mahabang listahan ng mga krimen laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan, kabilang ang pag-oorganisa ng mga impormer sa mga bayan ng San Lorenzo Ruiz, San Vicente at Labo, Camarines Norte, pamumuno sa mga operasyong kombat at *psywar* na naghasik ng lagim at nagwasak ng mga tahanan ng mamamayang pinaghihinalaang mga tagasuporta ng BHB sa mga barangay ng Mahawan-hawan, Benit, Bautista, Iberica, Mabilo II at San Antonio, lahat ng Camarines Norte, at pagiging imbwelto sa mga iligal na sindikato sa droga, sugal at pangangahoy.

- n Pagparusa noong Nobyembre 2 kay Fernando Bernardino, pusakal na impormer na nagsilbing giya sa 31st IB na nagreyd sa kampo ng BHB sa Sitio Maniknik, Pag-asa, Labo, Camarines Norte kung saan limang kasama ang napaslang at tatlo ang nadakip.
- n Pagtambang noong Nobyembre 1 kay SPO1 Antonio Rico Yansana, elemento ng PNP sa Castilla, Sorsogon at pagkumpiska ng kanyang M16, 9 mm na pistola at mga bala.
- n Pagsalakay noong Oktubre 29 sa bahay ni SPO3 Claro Dumalaon sa bayan ng Prieto Diaz, Sorsogon at pagkumpiska ng isang M16 at 9 mm na pistola.
- n Pagparusa kay Manuel Herang, isang impormer, sa Barangay San Isidro, Jose Panganiban, Camarines Norte noong Oktubre 27.
- n Pag-ambus noong Oktubre 24 ng isang iskwad ng BHB kina SPO1 Romeo Pielago at SPO3 Abrajam Sibulo, mga pusakal na elemento ng PNP ng Pasacao, Camarines Sur. Kaagad na namatay ang dalawang pulis sa pananambang at nasamsaman ng dalawang 9 mm na pistola.
- n Pagsalakay ng isang iskwad ng BHB sa bahay ni SPO1 Tomas Halog sa Sorsogon noong Oktubre 17 at pagkumpiska ng isang M16, sampung magasin nito at may 80 bala ng .45.
- n Pagharas noong Oktubre 16 ng isang tim ng BHB sa detatsment ng "C" Coy ng 2nd IB sa Baryo Bato, Bacon, Sorsogon. Isang sundalo ang namatay.
- Pagtambang ng isang iskwad ng BHB kay T/Sgt.
 Joel Alarcio, upisyal paniktik ng 2nd IB noong Oktubre
 6 sa Barangay Aroroy, Juban, Sorsogon.
- n Pagpaparusa ng BHB noong Setyembre 3 kay German Beruega, aktibong elemento ng CAFGU at kabilang sa "A" Coy ng 42nd IB na kumikilos sa Panaytayan, Ragay, Camarines Sur.
- n Pagtambang kay SPO2 Agapito Milor at pagkumpiska sa kanyang .45 sa Castilla, Sorsogon noong Setyembre. ■